# Balitang Manmin

BILANG 113 AGOSTO 3, 2014


# "Niligtas Ako ng Panginoon mula sa Napakasakit na Eksema!"

## Niluwalhati ang Diyos ng mga gumaling sa eksema dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee

Noong simula ng taong 2014, may naibalitang may ilang taong gumawa ng marahas na bagay para matakasan ang sakit na dulot ng eksema. Nagpakamatay ang isang babaing nasa high school at isang babaing nasa edad na 30 pagkatapos niyang sakalin ang 8 taong gulang niyang anak na babae dahil lumala ang eksema nito. Nabigla ang mga tao sa mga pangyayaring ito.

Ang eksema o atopic dermatitis (AD) ay hindi gumagaling at pabalikbalik na sakit na nagsisimula habang bata pa ang isang tao. Namumula at namamaga ang balat ng taong apektado nito. Hindi pa tiyak kung anong pinagmumulan ng sakit na ito. Maaring namamana o kaya naman, hindi gumagana ng maayos ang immune system ng taong may sakit nito.

Pinaniniwalaan din na kombinasyon ito ng maraming dahilan gaya ng labis na panunuyo at pangangati ng balat; bakterya; virus; impeksyon; emosyonal; at kapaligiran.

Ayon sa National Health Insurance Corporation ang bilang ng mga taong kumunsulta sa mga ospital dahil sa eksema sa pagitan ng taong 2008 at 2012 ay mahigit-kumulang 1.04 milyon. Ang aktuwal na bilang ng mga pasyenteng may sakit nito ay mas marami, may 6.1 milyong tao.

Naibalita, nagdurusa mula sa eksema halos 20% ng populasyon ng mundo. Dagdag pa rito, may negatibong epekto ang eksema sa paglaki ng mga bata. Pwedeng maging dahilan din ito ng mga sakit na may kinalaman sa emosyon ng tao gaya ng paglayo o pag-iisa at mababang pagtingin sa sarili. Ipinapalagay na itong sakit na ito ay pambansang problema.


Gayon pa man, maraming miyembro ng Manmin Central Church ang gumaling mula sa eksema dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Sina Minhee Park (3 taong gulang, litrato1), Minsik Lee (9 taong gulang), Yeji Kim (12 taong gulang), Serim Park (12 taong gulang), Kap. Seungli Yoo (15 taong gulang), Kap. Hwajin Cho (19 taong gulang), at Kap. Sookyung Kim (29 taong gulang, litrato 2). Masaya na sila sa buhay nila ngayon.

### Kapag nagsisi ang mga tao at tumanggap ng makapangyarihang panalangin, lubos ang paggaling ng eksema

Pinagdusahan ni Kap. Subin Kim (26 taong gulang, litrato 3) ang eksema mula noong 4 na taong gulang pa lang siya. Pagtuntong niya sa high school, nagsuot siya ng maskara kahit mainitan siya, para itago ang mukha niyang namamaga at nagnanaknak. Lumala pa ito noong nasa kolehiyo na siya. Sinuri niya ang sarili. Lumayo siya sa mga maka-mundong bagay na kinapopootan ng Diyos at nagsisi ng lubos. Pagkatapos tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee at gumaling ng lubusan.

Sa kasalukuyan, tapat ang paglilingkod ni Kap. Kim bilang miyembro ng Immanuel Choir. Sinabi niya, "Hindi ako makatulog dahil sa masasakit na nana sa mukha ko, pero ngayon, mahimbing na ang tulog ko. Masayang-masaya na ako." Masigasig na ang pag-aaral niya ng boses para makapagbigay ng luwalhati sa Diyos.

May pinakamalalang kaso ng eksema si Kap. Sehee Park (22 taong gulang, litrato 5), hindi ito magamot ng mga doktor. Gumaling siya dahil sa panalangin ni Dr. Lee.



Matindi ang sakit na dulot ng eksema. Pero noong umasa sila sa Diyos, binigyan Niya sila ng mas maputi at mas malinis na balat. At inihandog din sa kanila ang tapat na pananampalataya.

Pagkatapos niyang tanggapin ito, naglangib ang buong katawan niya sa loob ng tatlong araw. Hindi nagtagal, nang matanggal ang mga ito, may bago na siyang balat. Gumaling na ang eksema niya, pati ang taghiyawat.

Nakakatakot ang mukha ni Soojung Lee (12 taong gulang, litrato 6), dahil sa eksema at impetigo contagiosa, (isa pang klase ng sakit sa balat). Pinaalalahanan ang mga magulang niyang sina Diakono Daesung Lee at Diakonesa Yumi Kim na ang sakit ng maliliit na bata ay sanhi ng kasalanan ng mga magulang. Pinagsisihan nila ang maligamgam na buhay nila bilang Cristiano. Tumanggap sila ng panalangin mula kay Dr. Lee.

Kinabukasan, natuyo ang nana ng impeksyon. Natakpan ang mga naknak ng langib. Noong gabing iyon, natanggal na ang mga langib at lubos na ang paggaling niya pagkatapos ng tatlo hanggang apat na araw ng pananalangin. Magmula noon, lumaki siyang malusog at masayang bata, miyembro siya ngayon ng grupo ng sayaw para sa mga bata sa paaralang pang-Linggo.

Natutulog si Kap. Jiyoung Lee (21 taong gulang) nang nakabenda ang mga kamay dahil sa labis na pangangati. Si Kap. Nuri Ryu (14 taong gulang) ay hindi nagsusuot ng shorts o mga damit na walang manggas kahit mainit ang panahon dahil pinagtatawanan ng mga kaibigan niya ang magaspang na balat niya. Pareho silang gumaling dahil sa panalangin ni Dr. Lee.

### Dahil sa Muan Sweet Water at panalanging may panyo, gumaling din ang mga eksema ng mga taong nakatira sa ibang bansa

May eksema sa mga braso at binti mula ng ipanganak si Daniel, anak siya ni Dr. Daniel Fuentes Acosta, direktor ng World Christian Doctors Network, sa Mexico. Bumisita ang grupong pang-misyon ng Manmin sa kanila. Nabalitaan ni Dr. Fuentes mula sa kanila na kung ipapahid sa balat o iinumin ang Muan Sweet Water nang may pananamlataya, makakaranas sila ng banal na paggaling. Ipinahid niya ang tubig sa anak niya nang may pananampalataya. Kamangha-mangha dahil lubos siyang pinagaling ng Diyos noong linggong iyon.

Tatlong linggo pagkatapos ipanganak si Eric (8 taong gulang, litrato 4) na taga-Kenya, nagkaroon siya ng eksema. Parang nasunog ang balat niya at may masangsang na amoy. Pinalayas ang buong pamilya nila sa kanilang nayon dahil dito. Pero nang ipanalangin siya ni Bishop Dr. Myongho Cheong (Nairobi Manmin Holiness Church) gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee, gumaling siya sa loob ng tatlong linggo. Parang kutis ng bagong panganak na sanggol ang balat niya.

Ang paggagamot ng eksema ay may kasamang pasensya, gastos, at pagtitiis. Hindi pa tiyak kung lubos ang paggaling nito. Pero sinasabi ng mga mananampalatayang gumaling mula sa eksema na mabilis ang paggaling nila pagkatapos nilang buwagin ang pader ng kasalanan laban sa Diyos. Tinanggap nila ang panalangin ng may pananampalataya. Walang mga pilat, komplikasyon, o pag-ulit ng karamdaman.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibigay natin sa Diyos na nagpapagaling. Siya ay buhay!

# Nang Buong Puso Ninyo



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"At sinabi [Jesus] sa kanya, 'Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo.' Ito ang dakila at unang utos. At ang pangalawa ay katulad nito, 'Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.' Sa dalawang utos na ito nakasalig ang buong Kautusan at ang mga Propeta." (Mateo 22:37-40)

Ang mga taong mayroong malinaw na layunin at pangarap sa buhay ay mapasensya, matiisin at nagsisikap. Kapag nakamit nila ang minimithi, tiyak na yayaman sila at magiging tanyag. Ganito rin sa mga mananampalataya. Ang mga puspos ng pag-asa para sa Langit ay nagbibigay ng kanilang oras, pag-aari, at pati ng buhay sa pagtupad ng gawain ng Panginoon. Mahal nila ang Diyos ng buong puso, inilalaan nila ang sarili para sa Kanya.

Ayon sa salita ng Panginoong Jesus, dapat nating mahalin ang Diyos at ang ating kapwa ng buong puso, anong klaseng pag-ibig ito at ano ang tunay na kahulugan nito?

### Ang pag-ibig sa Diyos ng buong puso ay pagtupad ng kabutihan.

Kung mahal natin ang Diyos ng buong puso hindi tayo hihinto sa pagsuri ng mga salita at gawa natin. Patuloy ang pagbabago natin, tinitingnan kung mabuti ang mga sinasabi at kung ang mga saloobin natin ay tama ayon sa paningin ng Diyos. Pwede nating suriin kung gaanong kabutihan ang natutupad natin sa puso sa pamamagitan ng pagsagot sa ilang katanungan.

Hinahanap ba muna ninyo ang pakinabang ng ibang tao at kung ano ang makakabuti sa kanila, o inuuna ninyo ang mga sarili ninyo? Kapag sumasagana ang ibang tao, nagagalak ba kayo para sa kanila tulad ng kagalakan ninyo sa sarili ninyong gawain, o nagtatampo kayo at sinasabing, "Kulang ang taong iyan sa ganito at ganyang aspeto, bakit sumasagana siya?" Pinanghihinaan ba kayo ng loob? Kapag may nagpapahirap sa inyo, nawawala ba ang kapayapaan sa puso ninyo?

May mga taong hindi pwedeng sabihing naghahangad ng kabutihan ng Diyos kahit nakinig sila ng maraming mensahe at naghangad ng pagpapala. Dapat nating pagbulaybulayan ang mga salitang narinig at magsikap na maging mabuting tao. Ganito ang paraan para magkaroon ng tunay na paghahangad sa espiritu at taos-pusong pagmamahal sa Diyos.

Mayroon pang isang bagay na dapat nating tandaan. Ang pamantayan ng Diyos sa paghatol ay iba sa pamantayan ng tao. Sinasabi sa atin ng Exodo 15:26 na gumawa tayo ng matuwid sa mata ng Diyos hindi sa mata natin. Ang kabutihang kinikilala ng tao ay iba sa kabutihang kinikilala ng Diyos.

May mga taong mukhang maamo at magalang sa lahat ng tao, pero sa kalooban nila, pinapabayaan nila ang iba. Kapag iba sa pinag-aralan nila ang opinyon ng isang tao, ipinapalagay nila na kulang ang pinag-aralan ng taong ito at hindi magalang. Hindi na nila papansinin ang taong ito. May iba namang tumatahimik lang, ayaw nilang magkaroon ng pakikipagtalo sa ibang tao. Hindi nila ipinipilit ang opinyon nila at sumusunod lang sila sa payo ng ibang tao. Pero ganito lang talaga ang ugali nila. Hindi sila naglilingkod ng taos-puso. Iniisip nila, "Parang lagi akong talo sa pagiging mapagpayapa ko." Kaya lumalala ang pagkabigo at pagkabalisa nila. Mahihirapan din silang makita ang kasamaan nila dahil iniisip nilang naglingkod sila at inuuna ang pakinabang ng ibang tao.

May mga taong nagsasabing tinitiis nila ang mga pagsubok, pero hindi sila masaya at mapagpasalamat. Kung napagtagumpayan nila ang mga pag-uusig at mga pagsubok na pinansyal dahil sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, nagliliwanag ang mukha nila dahil mas malaki ang pagpapala. Pero dahil itinatago at pinipigilan nila ang sarili sa mga pagsubok, mas lumalaki ang kalungkutan hanggang lumipas na ang paghihirap. Makikita sa mukha nila ang kalungkutan at pagkabalisa. Akala nila nagtiis na sila ng mahabang panahon, pero ang pintuan ng mga biyaya ay hindi nagbukas agad tulad ng inasahan.

Ang iba naman ay parang tapat, masipag, at palakaibigan. Inaako nila ang trabaho ng ibang tao na parang kanila. Pinupuri sila ng mga tao, pero hindi nila gaanong hinahangad ang espiritu. Tulad ni Marta, mas interesado sila sa pagtupad ng tungkulin nila kaysa sa pagmamahal nila sa Diyos at pagiging banal. Iniisip nila na mabuti sila dahil naglilingkod sila sa ibang tao. Maaaring sabihin ng ibang tao na mabuti sila ayon sa pamantayan nila, at ganito rin ang iniisip nila, pero hindi kinikilala ng Diyos ang kabutihan nila.

Kung gusto nating mahalin ang Diyos ng buong puso gaya ng sinabi ni Jesus, dapat nating hanapin ang kabutihan sa lahat ng aspeto at alamin kung ano ang kabutihan ng Diyos at tuparin ito.

### Pangalawa, ang paghahandog ng lahat ng bagay sa Diyos ng buong puso ay pagtupad sa espirituwal na pag-ibig.

Sinasabi ng 1 Juan 4:21, "At ang utos na ito na mula sa Kanya ay nasa atin, na ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umibig sa kanyang kapatid."

May mga mananampalataya na parang maalab na nagbibigay ng lahat para sa Diyos, pero wala silang ginagawa para sa ibang mananampalataya. Nananalangin sila ng taimtim, buong sipag na dumadalo sa mga pagsamba, at inihahandog ang oras at pera nila sa Diyos, pero wala silang pakialam sa mga tao sa paligid nila.

Maraming bagay na ang naibigay nila sa Diyos, pero hindi nila maibunga ang lubos na biyaya. Siyempre, wala silang balak na makasakit sa ibang tao o gumawa ng masama sa iba. Wala lang silang konsiderasyon sa iba at hindi gaanong bukas ang kalooban nila. Kaya baka makasakit sila ng damdamin ng ibang tao at maging dahilan ng pagkabahala nila. Pero hindi nila ito sinasadya.

Ipagpalagay nating may maalab na paghahangad para sa espiritu ang isang tao, masipag siyang manalangin at mag-ayuno. Nagboboluntaryo siya sa maraming gawain at nagkakaloob ng malaking halaga. Pero hindi siya masipag manalangin para sa mga kaluluwa at para sa kaharian ng Diyos. Mayroon siyang paghahangad para sa espiritu pero wala siyang paghahangad para makasama ang mga tao sa paligid niya.

Magbibigay ako sa inyo ng isa pang halimbawa, may isang grupong pang-misyon na maglilinis ng isang malawak na lugar, naghatihati sila sa mas maliliit na grupo. Natapos ng mas maaga sa lugar nila ang isang grupo kaysa sa iba. Kasalukuyang naglilinis pa ang iba. Kung bukas ang kalooban nila, makikita nila kung bakit hindi pa nakakatapos ang ibang grupo, titingnan nila kung anong tulong ang kailangan ng mga ito. Kapag maliit ang espirituwal na pag-ibig ng tao, hindi nila magagawang lumugar sa katayuan ng ibang tao.

Sinasabi ni Jesus sa Mateo 22:39, "Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." Hinihiling ko sa inyo na pangalagaan ang maraming tao ng may mabuting pagmamahal at bukas na puso. Umaasa ako na kukupkupin ninyo ang mga kaluluwa ng may pag-ibig, pagbibigay, at may kaloobang tulad ng sa Ama. Ito ang paraan ng pagmamahal sa Diyos ng buong puso.

### Pangatlo, ang pag-ibig sa Ama ng buong puso ay pagtupad ng mga tungkuling ibinigay ng Diyos.

Hindi lang maka-Diyos na pagmamahal ang nasa puso ng mga nagmamahal sa Ama, ipinapakita din nila ito. Inihahandog nila ang sarili sa kaharian ng Diyos, sinasabing, "Ano ang ibibigay ko sa Ama? Paano ko mababayaran ang pagpapalang ito?" Mangangaral sila ng ebanghelyo at masigasig nilang aalagaan ang ibang miyembro ng iglesya kahit wala silang posisyon sa iglesya. Magboboluntaryo din sila sa mga ministeryo ng iglesya.

Pero lilipas ang kaalaban ng iba sa kanila sa paglipas ng panahon. Pagkatapos, tatalikuran nila ang mga gawain na ipinagkatiwala sa kanila. Gusto nilang maging malaya. Parang maalab ang paggawa nila sa tungkulin, pero napapabayaan nila ang ibang tungkulin.

Ang mga tungkulin na ibinigay sa atin ng Diyos ay hindi ginagawa para ipakita sa ibang tao, para sa Diyos ito. Ginagawa ito nang may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, at may mabangong samyo ng kalooban, hindi lang basta masabing ginawa.

Ipagpalagay natin na sa taunang eleksyon gusto ng isang taong maging presidente ng grupo pero naging kalihim siya. Kung tapat niyang gagampanan ang trabahong ito nang buong puso, makakapaghandog siya sa Diyos ng mas mabangong samyo. Pagkatapos, magagalak at magpapasalamat siya dahil binigyan siya ng posisyon bilang kalihim o tagapamahala. Maalab niyang ipapanalangin at aalagaan ang mga miyembro ng grupo, at susuportahan niya ang presidente nila. Ipagpalagay nating may isang taong dating presidente ng grupo pero hindi siya nanalo sa eleksyon sa taong ito. Hindi na siya dadalo sa mga pagpupulong ng grupo, hindi na rin maglilingkod. Ibig sabihin, ang paglilingkod niya noon ay hindi taos-puso, hindi ito tunay na paglilingkod.

Sa bawat okasyon at gawain, hinihiling ko sa inyo na maglingkod, hindi lang sa pamamagitan ng paggawa kundi nang buong puso para sa Diyos. Nang sa gayon, hindi kayo kikilos dahil tungkulin ninyo ito. Kapag maglilingkod kayo nang may pananampalataya at pag-ibig, mapupuspos kayo ng pagpapala at Espiritu. Ang paglilingkod ng buong puso ay tatanggapin ng Diyos bilang mabangong samyo ng kagalakan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hindi nakatingin ang Diyos sa anyo ng mga tao. Tinatanggap Niya ang samyong nagmumula sa puso, ang samyo ng pag-ibig at banal na takot sa Kanya. Bawat araw, dapat lumago ang kabutihan at pag-ibig ninyo. Isipin ninyong mahalaga ang tungkulin na ibinigay sa inyo ng Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pamamagitan ng paggawa nito, maluluwalhati ninyo ang Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Pagkilos ng Banal na Espiritu – ipinapakita para sa mga ipinanganak muli bilang mga Anak ng Diyos

Mararating natin ang perpektong kaligtasan kung ipapanganak tayong muli sa pangalan ni Jesu-Cristo na nagligtas sa atin mula sa mga kasalanan at ginawang banal at inaring-ganap sa Banal na Espiritu (1 Mga Taga-Corinto 6:11). Ang mahalagang gawain at malaking tungkulin ng Banal na Espiritu ay tulungan ang mga tao na tanggapin si Jesu-Cristo at ipanganak muli bilang mga anak ng Diyos, pakilusin ang puso nila at tulungan silang magsisi, tulungan sila na mahalin ang Diyos.

## 1. Mga Kaloob

Ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay tumutukoy sa mga espesyal na pagkilos na ipinapakita ng Banal na Espiritu dahil sa pag-ibig ng Diyos. Pwedeng tawaging 'kaloob' ang iba't ibang bagay at pagpapala na ibinibigay ng Diyos sa minamahal na mga anak Niya. Kaya may kalakip itong kaligtasan, paggaling, at mga kasagutan na karaniwang ibinibigay sa mga mananampalataya. Pero mayroon ding ibang kaloob ang Banal na Espiritu na ibinibigay sa bawat isang tao.

Ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na binanggit sa 1 Mga Taga-Corinto 12, ay ang salita ng karunungan, salita ng kaalaman, pananampalataya, pagpapagaling, paggawa ng himala, propesiya, pagkilala sa mga espiritu, iba't ibang wika, at ang pagpapaliwanag ng mga wika. Ibinibigay ng Diyos ayon sa kalooban Niya ang mga kaloob sa bawat isang tao dahil tiyak ang pagkakilala Niya sa kalooban, sisidlan, at kaibuturan ng mga ito.

Ang pinakadakilang kaloob ay pag-ibig, gaya ng binanggit sa 1 Mga Taga-Corinto 13. Hinihimuk Niya tayong mithiin ang pag-ibig, pero maalab ding maghangad ng mga espirituwal na kaloob (1 Mga Taga-Corinto 14:1). Ito'y sapagkat kung tatanggap tayo ng mas maraming espirituwal na kaloob mas magiging makapangyarihan tayo at mas magiging malalim ang pakikipag-ugnayan natin sa Diyos.

Gusto ng Diyos na gamitin natin ang mga kaloob para sa kaharian Niya. Kaya hindi dapat umiwas sa kaloob ang mga anak ng Diyos. Dapat nilang hangarin ang mas malaking kaloob, sinabi ito sa 1 Mga Taga-Corinto 12:31. Kung pastor kayo, dapat ninyong ituro sa kawan ninyo ang katotohanan sa tamang paraan, magpakita kayo ng pagkilos ng Banal na Espiritu, at ipadanas sa kanila ang katibayang buhay ang Diyos.

## 2. Pagkilala

Hindi maiilarawan ng isip ang pagbibigay ng Diyos na Manlilikha ng tanging Anak Niya para sa mga makasalanan. Kung makikita ng isang tao kung gaano kalaki, kadakila, at kalalim ang pag-ibig Niya, wala siyang magagawa kundi mahalin ang Diyos.

Hindi mahirap magwaksi ng mga kasalanan na kinapopootan ng Diyos at magbigay sa Kanya ng lugod sa pamamagitan ng buhay at kalooban dahil tutulungan tayo ng Banal na Espiritu. Magagawa nating sundin ang kahit na anong bagay nang may pananampalataya kahit mahirap itong gawin at magsisikap tayong ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos.

Gayon pa man, maraming mananampalataya ang walang katiyakan sa kanilang kaligtasan. O kaya naman, maraming nag-aakalang ligtas na sila, nagsisimba kapag Linggo, pero hindi nila batid kung ano ang kasalanan at kabanalan. Hindi rin nila alam kung paano sila hahatulan dahil hindi pa nila tinatanggap ang Banal na Espiritu.

Maliwanag na sinabi ni Jesus, kapag ang isang tao ay ipanganak ng tubig at ng Banal na Espiritu (Juan 3:5) at gawin ang kalooban ng Diyos (Mateo 7:21), makakapasok siya sa langit. Ibinigay din ng Diyos ang Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu, para maunawaan natin kung ano ang kasalanan, kabanalan, at paghatol (Juan 16:8) para maiwasan natin ang paghatol ng Impiyerno.

Kaya ang mga anak ng Diyos na tumanggap ng Banal na Espiritu ay dapat lumaban sa kasalanan hanggang sa dumanak ang dugo (Sa Mga Hebreo 12:4), lumayo sa bawat klase ng kasamaan (1 Mga Taga-Tesalonica 5:22), at piliting angkinin ang Langit sa pamamagitan ng pagpapabanal.

## 3. Ang tinig ng Banal na Espiritu, nagsusumamo, at gumagabay

Kung may inspirasyon at impluwensya tayo ng Banal na Espiritu, mararanasan natin ang pagkilos Niya na sumisiyasat sa lahat ng bagay, kahit ang malalim na mga bagay ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 2:10-11). Pwede nating buwagin ang kampo ni Satanas, magpropesiya tungkol sa mga bagay na darating, at tumanggap ng malalim na pahayag tungkol sa espirituwal na mundo.

Pero dahil ang Banal na Espiritu ay Espiritu ng katotohanan (1 Juan 5:7), kikilos Siya kung tutuparin natin ang katotohanan sa puso natin. Kung kikilalanin natin ang Diyos sa bawat situwasyon, mananalangin, at ipapaubaya ang lahat ng bagay sa Kanya nang may pananampalataya, maririnig natin ang tinig ng Banal na Espiritu kahit sa maliliit na bagay. Tatanggapin natin ang kanyang pagsusumamo at paggabay.

Kung malinaw nating makikita ang daan sa tulong ng Banal na Espiritu, madali nating tatanggapin ang mga biyaya sa negosyo o sa trabaho. Luluwalhatiin natin ang Diyos. Ipapaalala din Niya sa atin kung ano ang dapat sabihin kapag nangangaral tayo tungkol sa ebanghelyo o kung nagpapayo tayo sa ibang tao.

Ang Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu ay nagtuturo sa atin na parang guro para maintindihan natin ng mas mabuti at sundin ang Salita ng Diyos. Sinasabi sa atin ng Banal na Espiritu na nananahan sa puso natin, kung anong sasabihin at gagawin natin, at ipinapaalala sa atin ang katotohanan.

Ang pagsusumamo ng Banal na Espiritu ay nangangahulugang may gusto Siyang ipagawa sa atin. Kung may pagnanais tayong mag-ayuno at manalangin sa loob ng ilang panahon, pagsusumamo ito ng Banal na Espiritu. Kung susunod tayo at mananalangin ng buong puso at katapatan, magagabayan tayo ng Banal na Espiritu.

## 4. Lakas para Manalangin

Sa sandaling mapuspos tayo ng Banal na Espiritu, hindi tayo mapapagod kahit kapag mananalangin tayo pagkatapos gumawa ng mabibigat ng trabaho. Hindi tayo mag-iisip ng mga walang kabuluhang bagay o aantukin. Makakapanalangin tayo ng may pananampalataya at kagalakan. Ipapaalala din sa atin ng Banal na Espiritu ang mga bagay na nakakaligtaan natin at dapat ipanalangin.

Batid ng Banal na Espiritu ang lahat ng pangangailangan natin, pinupunuan Niya ito. Tinutulungan din Niya tayo sa mga kahinaan natin at namamagitan para sa atin sa kalooban ng Diyos (Mga Taga-Roma 8:26-27). Kapag ang puso natin ay nakikipagkaisa sa Banal na Espiritu, pwede tayong maghandog ng panalanging magbibigay lugod sa Diyos.

Magkakaiba ang bilang ng panalanging naihahandog sa Diyos, depende ito sa pananalangin natin ng may inspirasyon ng Banal na Espiritu. Huwag tayong manalangin sa pamamagitan ng mga sariling saloobin o ideya. Kung mananalangin tayo ng may gabay ng Banal na Espiritu, isasaayos ng Diyos ang lahat ng bagay para tanggapin natin ang mga kasagutan Niya sa mga dalangin natin sa madaling paraan.

Para makapanalangin ng may inspirasyon ng Banal na Espiritu, mahalagang manalangin ng tapat at mula sa kaibuturan ng puso. Dapat tayong maghandog ng tapat at maalab na panalangin bawat sandali. Pero una sa lahat, dapat tayong humiling ng lakas ng espiritu para mapagtagumpayan natin ang mundo, para makapanalangin ng maalab, para mapagtagumpayan si Satanas, at para maisabuhay ang Salita ng Diyos.

Susunod, palakasin natin ang sarili sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Kapag ginawa nating tinapay ng buhay ang Salita ng Diyos, tatanggapin natin ang malinaw at detalyadong pagsusumamo ng Banal na Espiritu.



Mrs. Insook Yun, lider ng Misyon ng Kababaihan
(Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya)

# Gusto kong ihatid ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos sa mga kaluluwa sa Africa

Noong Disyembre 1990, dinala ng isang kakilala sa Manmin Central Church ang asawa kong si Bishop Dr. Myongho Cheong. Tuwang-tuwa siya dahil sabi niya, tumanggap siya ng maraming pagpapala mula sa sermon ni Dr. Jaerock Lee. Namangha siya sa mga mahiwagang espirituwal na mga salita na kasama sa koleksyon ng mga sermon ni Dr. Lee para sa pagsamba ng mga cell group, ang Manna for Six Days, at ang serye ng sermon niyang "Lectures on Revelation."

### Nagsimula ang misyon namin sa Kenya sa ilalim ng paggabay ng Diyos

Noong Hulyo 1991, nagrehistro ako at ang asawa ko sa Manmin Central Church, ginabayan kami ng Diyos. Nagtatrabaho noo ang asawa ko bilang propesor ng English Literature Department sa Hoseo University. Isang araw, nagsumamo sa kanya ang Espiritu na pumunta sa Africa para magmisyon. Pumasok siya bilang pamalit na propesor sa University of Nairobi.

Nalungkot ako dahil napalayo kami sa iglesya at sa pastol, pero itinalagang misyonero ang asawa ko ng Manmin noong Setyembre 1994, at sumunod ako sa kanya noong Marso ng sumunod na taon. Natagalan bago ko matutuhan ang wika dito, makibagay sa mga bagong kultura at kaugalian, at masanay na manirahan kasama ng mga taong hindi ko kilala. Palagi kong naaalala si Dr. Lee at ang mga pagsamba sa Korea.

Noong una, dumalo kami sa pagsamba sa isang lokal na iglesya sa Kenya. Sumamba kami sa pamamagitan ng panonood ng mga video tapes na ipinapadala ng iglesya mula sa Seoul. Noong taong 1996, sinimulan namin ang sentro para sa pagmimisyon sa Nairobi, ang pangunahing lunsod ng Kenya. Noong Oktubre noong taon ding iyon, hinirang bilang pastor ang asawa ko. Maalab siyang nagdaos ng mga seminar para sa mga pastor at mga lider ng iglesya. Inihatid niya ang ebanghelyo ng kabanalan na ipinaliwanag mismo ng Diyos kay Dr. Lee.

Namangha sila sa mensahe, sabi nila, hindi pa nila narinig ang mensaheng tulad nito, at walang ibang katulad na pastor si Dr. Jaerock Lee. Pagkatapos, aktibo siyang nagsagawa ng mga seminar at pagpupulong sa maraming lunsod ng Kenya at iba pang bahagi ng Africa. Gayon pa man, maraming pagdurusa sa kapos palad na lugar na ito. Sumama ako sa kanya, nanguha ako ng mga litrato, naghanda ng pagkain, naglaba, at iba pa. Palaging nasisira ang kotse namin dahil sa hindi magandang mga kalye.

Dahil mahina ang katawan ko mula noong bata pa ako, palagi akong nahihilo sa kotse, napakahirap dahil malubak ang daan. Minsan, dinala namin sa talyer ang sirang kotse namin. May 100km ang layo nito mula sa bahay namin. Noong iuuwi na sana namin ito, nasira ulit. Hindi sinasadya ng mekaniko na magkamali sa mga parteng inayos niya. Tumagal ito ng tatlong araw pa.

Dapat kaming mag-ipon, kaya wala kaming magawa kundi manatili sa mga hotel o lugar na mahirap ang kalagayan. May mga lugar na walang tubig o maraming insektong nangangagat. Pero ang lahat ng ito ay nananatiling magandang alaala para sa akin.

Madalas umalis si Bishop Dr. Cheong para mag-misyon. Kaya ako ang namamahala sa mga pastor at manggagawa sa sentro ng pagmimisyon. Mahirap ito para sa akin. Iniisip ko na lang si Dr. Lee sa kahit na anong situwasyon at kahirapan. Kapag nakikita ko si Bishop Dr. Cheong na nagagalak, nagpapasalamat, at nananalangin, nakakaya ko ring pagtagumpayan ang lahat ng bagay. Nagbago na ngayon ang mga pastor at manggagawa namin dahil sa ebanghelyo ng kabanalan. Naging masunuring mga pastor at manggagawa na sila. Salamat sa Diyos!

### Pagkatapos ng Uganda Holy Gospel Crusade, nagbukas at lumago ang Nairobi Manmin Holiness Church

Noong Hulyo 2000, nagbukas ng magandang simulain sa misyon sa Africa ang Uganda Holy Gospel Crusade ni Dr. Jaerock Lee. Maraming lumpo ang nakatayo at nakalakad mula sa silyang may gulong. Nakarinig ang mga bingi, nakakita ang mga bulag, at gumaling ang mga tao mula sa iba't ibang karamdaman, pati sa AIDS.

Noong Nobyembre 2000, binuksan namin ang Nairobi Manmin Holiness Church. Patuloy ang paglago ng iglesya dahil sa maalab na pagkilos ng Espiritu araw-araw. Dahil sa mga pulong na may panyong nagpapagaling na idinadaos buwan-buwan (Ang Mga Gawa 19:11-12), maraming tao ang tumatanggap ng mga kasagutan at mga biyaya.

Isang araw ng Linggo, naghahanda ako ng tanghalian para sa mga miyembro. Maraming dumating sa iglesya, nagkulang ang kanin. Inisip ko kung paano hahatiin ito para makakain lahat, nanalangin ang puso ko. Binuksan ko ang takip ng kaldero. Nakakabigla, naging triple ang dami ng kanin sa kaldero, punung-puno!

Kinilabutan ako sa kagalakan dahil sa pag-ibig at pagkilos ng Diyos. Habang inaalagaan ko ang mga kaluluwa, nararanasan ko ang mga pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee.

Isang araw, may kapatid na pumunta sa iglesya na may nakapasan sa likod niya. Inatake sa puso ang taong pasan-pasan niya at nahihirapang huminga. Nang idalangin ko ito gamit ang panyo, bumalik ito sa normal at umuwi. May isang miyembrong babaing may eksema, nakakakilabot ang mukha pero gumaling din siya. May isa pang kwento.

Ilang pastor at mga kapatid ang pumigil sa isang batang babae na sinapian ng demonyo, nanggugulo ito. Ipinanalangin ko siya, lumabas ang demonyo at bumalik ang bata sa normal. Sinabi niya sa akin na hindi niya maimulat ang mga mata niya dahil sa liwanag na lumabas sa kamay ko, napakaliwanag daw nito. Ito ang liwanag na nagmula sa panyo na dinalanginan ni Dr. Lee.

### Nakita ko ang pagmamahal ng Diyos sa mga kaluluwa na nasa 55 bansa ng Africa

May problema ako dati sa panunaw. Noong simula ng taong 2011, lumala pa ito. Nasuring mayroon akong gastric ulcer. Nagbalik-tanaw ako sa buhay ko dati. Pinagsisihan ko ng taos-puso dahil gumawa ako ng isang bagay na mali sa mata ng Diyos. Pagkatapos, maraming bagay ang itinuro sa akin ng Banal na Espiritu. Nakita ko na gusto Niyang magbigay ako ng pagpapala at pag-ibig sa mga kaluluwa sa Africa at sa iba pa gaya ng tinanggap ko mula sa Paninoon. Para gawin ito, kailangan ko ng kalakasan sa pamamagitan ng maalab na pananalangin, pero hindi ko magawa.

Isang araw, may ipinakita sa akin ang Diyos sa panaginip. Sa panaginip ko, may lumapit sa akin at sinabi, "Nagsimula na ang takbuhan sa istadyum. Bakit naka-upo ka pa dito?" Dapat akong tumakbo sa takbuhan, pero nakaupo lang ako. Pagkatapos ng panaginip ko, nanalangin ako para sa mabilis na pagbabago at para maging daluyan ng lakas para sa misyon sa Africa. Napakaraming dapat gawin para makatulong kay Bishop Dr. Cheong. Damang-dama ko ang pag-ibig ng Diyos Ama na naghihintay ng pagbabago ko.

Gusto ng Diyos na magkaroon ako ng espirituwal na kalooban at kabutihan para maibahagi ko ang pag-ibig Niya sa mga kaluluwa. Habang ipinapanalangin ko ito, lumusog ang pangangatawan ko. Noong Marso 31, 2014, biniyayaan ako ng pananampalataya ng espiritu.

Sa kasalukuyan, pinagbubuti ko ang kahusayan ko sa pananalangin para makasamang muli si Bishop Dr. Cheong. At para makatulong sa kanya at sa iba pang misyonero, mga pastor, at mga manggagawa na tapat sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa 55 bansa ng Africa. Gusto kong maging mabuting daluyan ng kapangyarihan para sa misyon sa bansang ito. Gusto kong ibahagi ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos na dumadaloy at hindi natutuyo. Gusto kong ihatid ang pag-ibig ng Diyos sa mga kaluluwa sa Africa. Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos!

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City, Cebu,
Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714